

**County ng Santa Clara**  
**Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan**

Opisyal ng Pangkalusugan  
976 Lenzen Avenue, 2<sup>nd</sup> Floor  
San José, CA 95126  
408.792.5040



**MANDATORYANG DIREKTIBA PARA SA MGA NEGOSYO SA  
SERBISYONG PANGANGALAGANG PANSARILI**

**\*Pakikumpirma na ang inyong pasilidad ay maaaring magbukas sa ilalim ng Kautusan ng Estado. Kung may pagkakaiba sa pagitan ng lokal na Kautusan ng County at ng Kautusan ng Estado, dapat na sundin ang mas mahigpit na kautusan. Mayroon ding partikular na patnubay ang Estado para sa ilang mga pasilidad na dapat sundin bilang karagdagan sa mandatoryang direktiba na ito.\***

Ang impormasyon tungkol sa Kautusan ng Estado at patnubay ng Estado ay makikita sa [covid19.ca.gov](https://covid19.ca.gov).

**Inilabas: Hulyo 14, 2020**  
**Binago: Agosto 29, 2020**

**Mga Hair Salon at Barbershop**

*Noong Agosto 28, 2020, inilabas ng Estado ang kanilang Plano para sa isang Mas Ligas na Ekonomiya ("Plano"), na nagpapahintulot sa mga hair salon at barbershop na magsagawa ng panloob na operasyon sa buong estado (na epektibo noong Agosto 31, 2020). Tingnan ang Plano ng Estado [dito](https://covid19.ca.gov/safer-economy/) (<https://covid19.ca.gov/safer-economy/>).*

*Alinsunod dito, bilang karagdagan sa mga operasyon sa labas, ang mga hair salon at barbershop ay maaaring magsagawa ng mga panloob na operasyon simula Agosto 31, 2020.*

**Lahat ng Iba pang mga Negosyong Serbisyong Pangangalagang Pansarili**

*Noong Hulyo 13, 2020, inutusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng Estado ang pagsasara ng lahat ng mga panloob na operasyon sa mga negosyo ng serbisyong pangangalagang pansarili sa Santa Clara County (epektibo noong Hulyo 15, 2020). Tingnan ang Kautusan ng Opisyal ng Pamublikong Pangkalusugan sa Buong Estado [dito](https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/CDPH%20Document%20Library/COVID-19/SHO%20Order%20Dimming%20Entire%20State%207-13-2020.pdf) (<https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/CDPH%20Document%20Library/COVID-19/SHO%20Order%20Dimming%20Entire%20State%207-13-2020.pdf>).*

*Ang Plano ng Estado ay hindi nagpapahintulot ng mga panloob na operasyon sa anumang mga negosyong serbisyong pangangalagang pansarili (maliban sa mga hair salon at*

***barbershop) habang ang isang county ay nasa Unang Antas. Alinsunod dito, hanggang matanggal ang Santa Clara County sa Unang Antas, ang lahat ng iba pang mga negosyong serbisyong personal sa pangangalaga ay maaaring magsagawa ng mga operasyon sa labas lamang.***

***Ang lahat ng mga operasyon ng serbisyong pangangalagang pansarili, kung panloob (para sa mga hair salon at barbershop lamang) o panlabas (para sa lahat ng mga negosyong serbisyong pangangalagang pansarili), ay napapailalim sa mga mandatoryang kinakailangang gawin sa Direktibang ito, sa mga Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng Estado at County, lahat ng naaangkop na mga kinakailangang gawin mula sa mga dokumento ng Gabay sa Industriya sa COVID-19 ng Estado, at anumang mga naaangkop na mga kinakailangang gawin sa regulasyon na may kaugnayan sa kaligtasan at kalusugan.***

***Para sa karagdagang mga panuntunan sa pagsagawa ng mga panlabas ng serbisyong personal, pakitingnan ang sumusunod na mga dokumento ng COVID-19 na mga Gabay sa Industriya mula sa Estado:***

***[Ang pinalawak na Serbisyong Pangangalagang Pansarili na Ginagawa sa Labas](https://files.covid19.ca.gov/pdf/guidance-outdoor-personal-care--en.pdf)***  
***(<https://files.covid19.ca.gov/pdf/guidance-outdoor-personal-care--en.pdf>)***

***[Ang mga Hair Salon at Barbershop na Ginagawa sa Labas](https://files.covid19.ca.gov/pdf/guidance-outdoor-hair-salons--en.pdf)***  
***(<https://files.covid19.ca.gov/pdf/guidance-outdoor-hair-salons--en.pdf>)***

***Tandaan na ang ilang mga serbisyo ay maaaring hindi magagawa kahit na ang mga operasyon ay lumipat sa labas. Tingnan ang pahina 2 ng dokumentong Pinalawak na Serbisyong Pangangalagang Pansarili na Panlabas ng Estado at Seksyong 10 ng Direktibang ito para sa mga partikular na halimbawa ng mga serbisyo na hindi maaaring mangyari kahit sa labas.***

Ang isang malawak na saklaw ng mga negosyo ay nagbibigay ng "mga serbisyong pangangalagang pansarili," na nangangahulugang pangangalagang pansarili na nasasangkot ang malapitan, madalas na pisikal na pakikipagsalamuha sa pagitan ng mga tagapagbigay ng serbisyo at kliyente. Kasama sa "mga serbisyong pangangalagang pansarili" ang pag-istilo ng buhok at pangangalaga sa buhok, kabilang ang mga hair salon at barbershop; pangangalaga sa kuko, kabilang ang mga nail salon; mga serbisyong gumagawa ng body art, tattoo, at piercing shops; esthetician, pangangalaga ng balat, at mga serbisyong pagpapaganda; electrology, waxing, threading, at iba pang mga serbisyong pagtanggap ng buhok; aplikasyon ng makeup at iba pang mga serbisyo, kabilang ang mga serbisyo na binibigay ng mga makeup salon; massage therapy at iba pang mga serbisyong masahe (sa labas ng mga ng healthcare settings); mga serbisyo sa mga tanning salon; iba pang mga negosyo na nagbibigay ng magkatulad na serbisyo sa pangangalaga sa mukha o katawan; mga tailoring services; at anumang educational o training setting na kung saan itinuturo ang mga serbisyong ito sa pamamagitan ng pagsanay o pagbigay ng karanasan.

Habang ang mga negosyong serbisyong pangangalagang pansarili ay gumagawa ng mahahalagang serbisyo na makakatulong sa mga tao na mapanatili ang kanilang hitsura at

kalusugan, maaari rin silang magdulot ng mga seryosong panganib sa kalusugan ng publiko dahil sa pandemyang COVID-19. Dahil ang mga serbisyong pangangalagang pansarili ay nagsasangkot ng matagal pakikipagsalamuha ng malapitan, at madalas na pisikal na pakikipagsalamuha, sa pagitan ng mga tagapagbigay at kliyente, ang mga negosyo sa serbisyong pangangalagang pansarili ay dapat gumawa ng labis na pag-iingat upang mabawasan ang panganib ng pagkalat ng COVID-19 para sa mga kliyente at kawani.

Ipinapaliwanag nitong Direktiba kung paano maaaring magpatakbo ang mga negosyo sa mga serbisyong pangangalagang pansarili. **Itong Direktiba ay mandatory, at ang kabiguan sundin ito ay paglabag sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan na inilabas Hulyo 2, 2020** ("Kautusan"). Dapat kayong sumunod sa Kautusan at lahat ng mga kinakailangang gawin sa Direktibang ito.

Ang mga negosyong serbisyong pangangalagang pansarili ay dapat ding magpatuloy sa pagsunod sa umiiral na mga kinakailangan gawin sa regulasyon na may kaugnayan sa kaligtasan at kalusugan, kabilang ang mga inilabas ng County ng Santa Clara, mga lungsod sa loob ng County, Cal/OSHA, at ang Lupon ng Barbering at Cosmetology ng California.

### ***Ang Kautusan na Inilabas noong Hulyo 2***

Ang Kautusan ay nagpapataw ng ilang mga paghihigpit sa lahat ng mga negosyo at aktibidad upang matiyak na ang County ay mananatiling ligtas hangga't maaari, kabilang ang, ngunit hindi limitado, sa mga sumusunod:

- **Ang Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao:** Dapat magkumpleto at magsumite ang lahat ng mga negosyo ng pinakabagong bersyon ng Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao sa County gamit ang online form, makukuha [dito](#). Ang Protokol ay isinumite sa ilalim ng parusa na bawal na magsinungaling, nangangahulugan na ang lahat ng nakasulat sa form ay dapat totoo at tumpak sa kaalaman ng pumirma, at ang pagsusumite ng maling impormasyon ay isang krimen. Ang Protokol ay dapat na maipamahagi sa lahat ng mga manggagawa, at dapat itong magagamit ng lahat ng mga opisyal na nagpapatupad ng Kautusan. Responsable ang mga negosyo sa pagtitiyak na naunawaan at nasanay ang mga manggagawa sa mga kinakailangan gawin sa Protokol sa isang wika na naiintindihan nila.
- **Palatandaan:** Ang lahat ng mga negosyo ay dapat mag-print ng (1) isang na-update na Palatandaan na COVID-19 PREPARED at (2) isang Talaan ng Impormasyon ng Bisita ng Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao, at dapat na mailagay ang dalawang ito na madaling makita sa lahat ng mga pasukan ng pasilidad. Ang mga ito ay magagamit para sa pag-print pagkatapos ng pagsusumite sa online ng Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao.
- **Mga Panakip sa Mukha:** Ang bawat isa sa pasilidad ng negosyo o lugar ng trabaho ay dapat magsuot ng panakip sa mukha sa lahat ng oras (maliban sa mga maliliit na bata, sa

mga taong na hindi makatakip sa mukha dahil sa payong medikal, o para sa komunikasyon ng o sa mga taong may kapansanan sa pandinig). **Dapat magsuot ng mga panakip sa mukha kahit na sa mga serbisyong pangangalagang pansarili, nang walang pagbubukod.**

- **Limitasyon ng Densidad:** Ang lahat ng mga negosyo ay dapat limitahan ang bilang ng mga tao na maaaring nasa pasilidad nang sabay. Para sa mga miyembro ng kawani, ang limitasyon ay 1 tao bawat 250 na kabuuang talampakang kuwadrado ng espasyo sa pasilidad (nangangahulugan ito ng kabuuang espasyo, kabilang ang mga lugar na bukas lamang sa mga kawani tulad ng mga silid ng imbakan). Para sa mga kliyente, ang limitasyon ay 1 tao bawat 150 na talampakang kuwadrado ng espasyo na bukas sa publiko. Tinutukoy ng mga kinakailangan ng densidad sa mga negosyo kung gaano karaming mga tao (kawani o mga kliyente) ang maaari nilang ipasok bago umalis ang ibang tao. Ang mga batang wala pang 12 na edad na magkasama sa magulang o tagapag-alaga ay hindi binibilang sa limitasyon, ngunit binibilang ang lahat ng mga taong may edad na 12 pataas.

Tingnan ang [Kautusan](#) at ang [pahina ng FAQ](#) para sa karagdagang mga detalye.

Bilang karagdagan sa mga pangkalahatang kinakailangan na naaangkop sa lahat ng mga negosyo sa ilalim ng Kautusan, lahat ng mga serbisyong pangangalagang pansarili ay dapat sumunod sa mga sumusunod na direktiba.

#### ***Pamamaraan sa Pagreserba, Pag-check-in, at Pagtago ng Talaan***

Ang negosyo sa serbisyong pangangalagang pansarili ay dapat gumawa ng mga sumusunod na hakbang upang mabawasan ang panganib ng pagkalat ng COVID-19:

1. *Gumawa ng serbisyo sa pamamagitan ng appointment lamang, at tanggihan ng serbisyo ang mga walk-in na kliyente.*
  - a. Bago sa appointment ng isang kliyente, makipag-ugnay sa kliyente upang:
    - i. sabihin sa kanila na hindi sila makakatanggap ng serbisyo kung, sa dalawang linggo bago ng appointment, nagpakita sila ng anumang mga sintomas ng COVID-19 o nasuring positibo para sa COVID-19, o kung nakikipagsalamuha sila ng malapitan sa sinumang nagpakita ng mga sintomas o nasuring positibo para sa COVID-19;
    - ii. sabihin sa kanila na huwag dalhin ang ibang mga tao (maliban sa isang magulang o tagapag-alaga para sa isang menor de edad na kliyente o isang tagapag-alaga para sa isang may kapansanan na kliyente) o mga hindi mahahalagang personal na gamit sa appointment; at

- iii. sabihin sa kanila na huwag dumating sa pasilidad nang higit sa 5 minuto bago sa oras ng kanilang appointment.
  - b. Mag-iskedyul ng mga appointment upang magkaroon ng sapat na oras sa pagitan ng mga appointment upang magsagawa ng paglilinis at kalinisan na hinihiling ng Kautusan at ng Direktibang ito.
- 2. *Mga Lobby, Mga Pamamaraan ng Pag-check-in, Mga Sistema sa Pagbabayad*
  - a. Hilingin sa mga kliyente na maghintay sa labas o sa kanilang mga kotse hanggang magsimula ang kanilang appointment.
  - b. Kung maaari, gumamit ng isang walang-hipo na sistema ng pag-checkin, tulad ng isang plataporma sa online o batay sa app.
  - c. Kung maaari, gumamit ng mga walang-hipo na sistema ng pagbabayad para sa lahat ng mga transaksyon ng pagbebenta. Kung hindi magagamit ang mga walang-hipo na sistema ng pagbabayad, i-sanitize ang lahat ng mga gamit na ginamit (mga pen, clipboard, card reader, atbp.) pagkatapos ng bawat transaksyon.
  - d. Ipagbawal ang pagpasok ng mga bisita maliban sa mga kliyente, maliban sa isang magulang o tagapag-alaga ng isang menor de edad na kliyente o isang tagapag-alaga para sa isang may kapansanan na kliyente
- 3. *Pasalitang Pagsuri ng lahat ng mga Bisita sa Bawat Pasukan*
  - a. Bilang karagdagan sa pagsubaybay ng mga tauhan na kinakailangan ng Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao, pasalitang suriin ang lahat ng mga kliyente at iba pang mga bisita habang pumapasok sila sa pasilidad sa pamamagitan ng pagtatanong sa kanila kung:
    - i. nasuri silang positibo sa COVID-19 sa nakaraang 14 na araw;
    - ii. nakipagsalamuha sila ng malapitan sa isang tao na nasuring positibo sa COVID-19 sa nakaraang 14 na araw;
    - iii. nakakaramdam o kamakailan ay nakaramdam ng sintomas ng lagnat;
    - iv. nagkaroon o kamakailan lamang ay mayroong iba pang mga sintomas ng COVID-19 tulad ng ubo, kakapusan ng paghinga, namamagang lalamunan, pagkahilo, pagsusuka, pagtatae, pagkapagod, panginig, pananakit ng ulo, pananakit ng kalamnan/katawan, pagkalito, o pagkawala ng panlasa/amoy.
  - b. Kung ang isang tao ay sumasagot ng "oo" sa **anuman** sa mga katanungang ito,

hindi dapat pahintulutan ng negosyo ang taong pumasok sa pasilidad, at dapat ay sa halip ay hikayatin ang tao na bumalik sa bahay at makipag-ugnay sa kanilang healthcare provider.

4. *Pagtago ng Talaan upang Magsagawa ng mga Pagsisikap sa Pagsubaybay sa mga Nakasalamuha*

Upang magsagawa ng mga pagsisikap sa pagsubaybay sa mga nakasalamuha o contact-tracing ng County sa oras na ito ay kinakailangan, ang negosyo ay dapat lumikha at manatili ng minimum na 60 na araw ng mga talaan ng appointment ng sumusunod na impormasyon tungkol sa pagbisita ng kliyente. Ang impormasyong ito ay kompidensiyal, at isasailalim lamang sa pagsisiwalat sa Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng County para sa imbestigasyon ng kaso at sa mga layunin ng pagsubaybay ng mga nakasalamuha, upang maprotektahan ang kalusugan ng mga manggagawa at kliyente:

- a. Ang pangalan, numero ng telepono, at email address ng kliyente.
- b. Ang petsa, oras, at tagal ng pagbisita ng kliyente.
- c. Ang pangalan at impormasyon para makipag-ugnay para sa sinumang manggagawa na nagbigay ng mga serbisyo sa kliyente.

***Mga Pamamaraan upang Magpatupad ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao at Magbigay ng Kagamitang Pang-proteksyon***

Dapat tiyakin ng mga negosyo sa serbisyong pangangalagang pansarili na ang bawat tao sa kanilang pasilidad ay nagpapanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakan ng distansya mula sa ibang tao na mula sa ibang sambahayan sa lahat ng oras, maliban sa mga manggagawa na gumagawa ng mga serbisyong pangangalagang pansarili sa isang kliyente. Upang makatulong makamit itong pagdistansya, ang mga negosyo sa serbisyong pangangalagang pansarili ay dapat:

5. *Mga Magagamit ng Kliyente*

- a. Isara ang mga silid ng paghintay, lugar ng pagtanggap, karaniwang mga lugar sa pag-upo, mga silid ng diyaket, at mga silid-pahingahan.
- b. Alisin ang mga kagamitan tulad ng mga sabitan ng mga diyaket, mga magasin, mga libro, kape, tubig, mga istasyon ng pag-silbi sa sarili, at iba pang mga gamit para sa mga customer.
- c. Alisin ang mga unan, mga naaalisan na unan ng upuan, mga laruang hayop, at iba pang mga gamit na mahirap o imposibleng linisin nang lubusan.

6. *Mga Istasyon ng Trabaho*

- a. Bawasan, ayusin, o hadlangan (paggamit ng tape, lubid, o naka-print na mga

palatandaan) ang mga upuan, istasyon ng trabaho, o iba pang mga lugar ng serbisyo upang walang sinumang gumamit, umupo, tumayo, o nasa loob ng 6 na talampakan ng sinumang ibang tao, maliban sa manggagawa na nagbibigay ng mga serbisyong pangangalagang pansarili sa isang kliyente.

- i. Halimbawa, maaaring gamitin lamang ng barbershop o makeup salon ang bawat pangalawang upuan, o bawat ikatlong upuan, at tanggalin o hadlangan ang iba.
  - ii. Kung saan maaari, ang mga hair salon at barbershop ay dapat hindi gumawa ng paghuhugas at pagshampoo ng buhok o hikayatin na lamang ang mga kliyente na dumating na nahugasan na ang kanilang buhok. Kung nagsasagawa ng paghuhugas ng buhok, dapat tiyakin ng mga salon at barbershop na hindi bababa sa 6 na talampakan, at mas mabuti pa kung mas malayo, ang distansya sa pagitan ng bawat istasyon ng paghuhugas ng buhok.
- b. Isara ang mga sumusunod na magagamit ng kliyente: mga shower; mga silid ng locker; mga water fountain; mga vending machine; pinagsasaluhang kagamitan ng pagkain at inumin sa mga silid ng pahingahan at sa mga lugar na ginagamit ng mga kliyente, kabilang ang mga microwave, coffee machines, at water coolers.
- c. Ang paglagay ng palatandaan na nagpapaalala sa mga kliyente na manatiling hindi bababa sa 6 na talampakan ang layo mula sa lahat na nasa labas ng kanilang sambahayan, maliban sa manggagawa na gumagawa ng serbisyong pangangalagang pansarili.

## 7. *Personal na Kagamitang Pang-proteksyon*

- a. Dapat tiyakin ng mga Negosyo sa serbisyong pangangalagang pansarili na ang lahat ng mga manggagawa at kliyente ay mayroon at nagsusuot ng naaangkop na personal na kagamitang pang-proteksyon, tulad ng kinakailangan ng Kautusan, nitong Direktiba, at anumang mga naaangkop na batas at regulasyon, kabilang ang mga inilabas ng Cal-OSHA. Dapat tiyakin ng lahat ng mga negosyo sa serbisyong pangangalagang pansarili na ang lahat ng mga empleyado ay nakasuot ng sumusunod na PPE kapag gumagawa ng mga serbisyo na nangangailangan ang mga ito na nasa loob ng 6 na talampakan sa isang kliyente:
- i. Kumuha, magbigay ng walang gastos sa mga manggagawa, at ihiling na gamitin ng lahat ng mga manggagawa ang sumusunod na personal na kagamitang pang-proteksyon:
  - ii. Panakip sa mukha na pang-opera na ganap na tumatakip sa ilong at bibig **(Inirerekomenda ang mga panakip sa mukha na N95 para sa lahat ng**

**mga manggagawa sa serbisyong pangangalagang pansarili**, lalo na sa mga nasa loob ng 3 talampakan sa isang kliyente sa higit ng 15 minuto);

- iii. Proteksyon sa mata (mga salamin, goggles, at/o isang face shield), bilang karagdagan sa isang panakip sa mukha na pang-opera na tumatakip sa ilong at bibig;
  - iv. Maitatapon o maaaring hugasan na smock o kapa na itinatapon o nilalabhan sa pagitan ng pagbigay serbisyo sa mga kliyente; at
  - v. Maitatapong guwantes kapag nagsasagawa ng mga serbisyo kung saan angkop ang mga guwantes, tulad ng mga serbisyong buhok na gumagamit ng kemikal at body art. Kung ang isang manggagawa ay may suot na guwantes habang nagsasagawa ng isang serbisyo, dapat palitan ang mga guwantes sa pagitan ng pagbigay serbisyo sa mga kliyente.
- b. Hilingin na ang lahat, kabilang ang mga kliyente at mga bisita, ay magsuot ng mga panakip sa mukha sa lahat ng oras habang nasa pasilidad, pati na habang tumatanggap ng serbisyong pangangalagang pansarili.

### ***Mga Pamamaraan ng Pag-sanitize***

Ang mga negosyo sa serbisyong pangangalagang pansarili ay dapat magpatupad ng sumusunod na mga pamamaraan ng pag-sanitize upang mabawasan ang panganib ng pagkalat ng COVID-19 sa loob ng pasilidad. Ang mga kagamitang pang-disimpekta na ginagamit upang sumunod sa seksyong ito ay dapat na epektibo laban sa COVID-19. Ang isang listahan ng mga epektibong kagamitang pang-disempekta ay makikita [dito](#).

8. *Kailangang Hugasan ng mga Manggagawa at Kliyente ang mga Kamay Bago at Pagkatapos ng Serbisyo*
  - a. Hilingin sa mga manggagawa at kliyente na kaagad hugasan ang kamay gamit ang sabon at tubig sa loob ng 20 segundo bago at pagkatapos ng serbisyo.
  - b. Hilingin ang mga manggagawa na maghugas gamit ang sabon at tubig ang lahat ng iba pang mga bahagi ng katawan na ginamit upang gumawa ng mga serbisyong pangangalagang pansarili (halimbawa, mga braso at siko para sa mga indibidwal na nagbibigay ng masahe).
  - c. Ipinagbawal ang paggamit ng mga manggagawa ng mga cell phone habang ang isang kliyente ay tumatanggap ng mga serbisyo.
9. *Disimpektahin ang mga Lugar, Kasangkapan, at Kagamitan; Gumamit ng Malinis na mga Kagamitan Para sa Bawat Kliyente*
  - a. Regular na disimpektahin ang lahat ng mga madalas na hinihipong lugar (tulad ng



mga doorknob, hawakan, riles, light switch, banyo, lababo, kubeta, lamesa sa harap, keyboard, computer, at telepono), alinsunod sa [mga alituntunin ng CDC](#).

- b. Disimpektahin ang lahat ng mga kasangkapan at kagamitan na ginagamit upang gumawa ng mga serbisyong pangangalagang pansarili bago at pagkatapos na tumanggap ng mga serbisyo ang mga kliyente. Para sa mga kasangkapan at kagamitan na hindi maayos na malinisan at madidisimpekta, gumamit ng maitatapon na panakip at itapon ito pagkatapos ng bawat paggamit.
  - i. Halimbawa, ang isang hair salon ay dapat mag-disimpekta ng lahat ng mga gamit na ginamit o nahipo ng kliyente o ng mga manggagawa na nagbigigay ng mga serbisyo, kabilang ang mga upuan, armrest, headrest, shampoo bowls, station counter, hand mirrors, produkto sa pangangalaga sa buhok at iba pang mga produkto, at kagamitan (kasama ang mga gunting, suklay, mga brush, mga clipper at clipper guard, mga hair dryer, hawakan ng mga kagamitan, mga hose, mga spray nozzles at iba pang kagamitan).
- c. Pagkatapos ng bawat paggamit, palitan ang lahat ng mga gamit na maaaring malinisan, at palitan ang lahat ng mga gamit na maaaring itapon, maliban sa proteksyon ng mata ng manggagawa.
  - i. Halimbawa, ang mga hair salon ay dapat mangailangan sa mga manggagawa at kliyente na gumamit ng bago o bagong labang mga smock o kapa para sa bawat kliyente, dahil ang mga smock at kapa ay maaaring malabhan pagkatapos ng bawat paggamit, ngunit ang mga manggagawa ay hindi kailangang pumalit ng kanilang proteksyon sa mata (salamin, goggles, o face shield) sa pagitan ng mga kliyente. Katulad nito, ang mga negosyo na pangmasahe ay dapat mangailangan sa mga manggagawa na gumamit ng bago o bagong labang sapin para sa bawat kliyente, ngunit hindi nila kailangang palitan ang kanilang proteksyon sa mata sa bawat kliyente.
- d. Kung kinakailangan, baguhin ang mga oras ng operasyon upang magawa ang regular at masusing pag-sanitize.
- e. Siguraduhin na mayroong magagamit na hand sanitizer para sa mga kliyente sa buong pasilidad. Maglagay ng palatandaan na nangangailangan sa mga kliyente na gumamit ng hand sanitizer o hugasan ang kanilang mga kamay (gamit ang sabon at tubig, nang hindi bababa sa 20 segundo) bago at pagkatapos magsimula ang kanilang appointment.

### ***Iba pang mga Kinakailangan***

10. *Pinagbabawal ang mg Serbisyo Sa o Malapit sa Mukha o Leeg.*

Walang negosyo sa serbisyong pangangalagang pansarili ang maaaring mag-alok o magsagawa ng anumang serbisyo na nangangailangan o malamang na nangangailangan sa kliyente na tanggalin o ayusin ang panakip sa mukha. Halimbawa, ang mga sumusunod na serbisyo ay ipinagbabawal dahil nagsasangkot sila sa mga serbisyo sa o malapit sa mukha o leeg: mga serbisyo ng pilikmata; pag-wax at pag-thread ng kilay, pati na rin ang iba pang pag-alis ng buhok sa mukha o paggamot; mga facial at mga masahe na facial; at mga tattoo sa mukha, pag-tanggal ng tattoo sa mukha, pagbubutas sa mukha, pagputol ng balbas, pag-ahit ng mukha, aplikasyon o pagtanggal ng makeup, at iba pang mga serbisyong pangangalagang pansarili sa o malapit sa mukha o leeg. Pinapayagan ang mga gupit at estilo ng buhok hangga't hindi nila hinihiling ang pagtanggal ng mga panakip sa mukha. Ang mga pagbutas ng tainga na hindi nangangailangan ng pagtanggal ng panakip sa mukha ay maaaring isagawa, ngunit sa pamamagitan lamang ng isang lisensyadong body art practitioner.

11. *Kinakailangan Maglagay ng mga Pisikal na Harang Kung Maaari.*

Ang mga negosyo sa serbisyong pangangalagang pansarili ay dapat maglagay ng mga pisikal na harang (halimbawa, isang partiyon na plastik o plexiglass) kung saan maaari sa pagitan ng kliyente at ng manggagawa na nagsasagawa ng mga serbisyong pangangalagang pansarili para sa kliyente at sa pagitan ng mga kliyente at manggagawa sa mga reception area. Halimbawa, ang mga negosyo na gumagawa ng mga serbisyong pangangalaga ng kuko ay dapat maglagay ng mga harang sa pagitan ng mga kliyente at manikyurista.

12. *Kinakailangan para hayaang Dumaloy ng Panlabas na Hangin*

Kung maaari at ligtas, buksan ang mga panlabas na bintana at pintuan upang mapalawak ang bentilasyon at mahayaan ang pagdaloy ng panlabas na hangin.

13. *I-maximize ang Probisyon ng Panlabas na mga Serbisyo*

Kung maaari, ilipat ang lahat ng mga transaksyon, pagkonsulta, at serbisyo sa mga kustomer sa labas.

14. *Ipinagbabawal ang mga Dalawahang Serbisyo.*

Dahil nangangailangan ito ng hindi kinakailangang malapit na personal na pakikipagsalamuha ng higit sa isang manggagawa sa isang oras, walang anumang serbisyong pangangalagang pansarili na maaaring mag-alok o magsagawa ng "dalawahang serbisyo." Ang mga dalawahang serbisyo ay tumutukoy sa isang pangyayari kung saan ang dalawang manggagawa ay sabay-sabay na nagsasagawa ng mga serbisyo

sa isang kliyente kung ang mga serbisyo ay maaaring magawa nang hiwalay. Ang isang pangkaraniwang anyo ng dalawahang serbisyo ay isang kumbinasyon ng manikyur-pedikyur sa isang salon ng kuko, kung saan ang isang tao ay nagsasagawa ng manikyur ng kliyente nang sabay na ginagawa ng ibang tao ang pedikyur sa parehong kliyente.

15. *Ang "Dalawahang Pagpapareserba" ay Nangangailangan ng Karagdagang mga Pamamaraan sa Paglilinis at Pagdistansya Mula sa Ibang Tao.*

Ang "Dalawahang Pagpapareserba" ay tumutukoy sa isang pangyayari kung saan ang isang manggagawa ay sabay-sabay na nagsasagawa ng mga serbisyo sa dalawang kliyente kahit maaaring isagawa ang serbisyo pagkatapos ng isa. Ang isang karaniwang anyo ng dalawahang pagpapareserba ay kapag ang isang hair stylist ay gumagawa ng mga serbisyo sa pagkulay ng buhok sa isang kliyente at pagkatapos ay nagsasagawa ng isang gupit sa pangalawang kliyente habang naghihintay ang unang kliyente na ma-set ang kulay nito. Ang dalawahang pagpapareserba ay maaaring humantong sa hindi kinakailangang malapit na personal na pakikipagsalamuha sa pagitan ng isang manggagawa at higit sa isang kliyente sa isang oras. Ang negosyo sa serbisyong pangangalagang pansarili ay hindi maaaring mag-doble ng pagpapareserba ng mga kliyente maliban kung saan (i) ang dalawang kliyente ay maaaring mapanatili ang layo mula sa isa't isa at mula sa iba (maliban sa manggagawa), (ii) sa bawat oras na ang manggagawa ay tumitigil sa pagsagawa sa isang kliyente at nagsisimulang dumalo sa iba pa, ang manggagawa ay naghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo at gumagamit ng mga bagong guwantes, kung ginamit ito.

16. *Ipinagbabawal ang mga Test or Sample Product*

Dahil ito ay mapanganib na makapagpakalat, ang mga serbisyong pangangalagang pansarili ay hindi maaaring mag-alok o mag-iwan ng anumang test o sample product para mahawakan o masubukan ng mga kliyente, maliban kung ito ay indibidwal na nakabalot para sa pagkuha ng kliyente. Halimbawa, ang isang esthetician ay hindi maaaring mag-alok o mag-iwan ng isang bote ng moisturizer sa balat na maaaring masubukan ng mga kliyente, ngunit maaaring magbigay ng mga single-use na pakete ng moisturizer sa balat.

17. *Aplikasyon para sa Nail Salon at Iba pang Negosyo na Gumagawa ng mga Serbisyong Pangangalaga ng Kuko.*

Ang mga negosyo na gumagawa ng mga serbisyo sa pangangalaga ng kuko ay hindi dapat magpahintulot sa mga kliyente na hawakan ang mga gamit sa nail polish area, at dapat na hindi magpahintulot sa mga kliyente na subukan o hawakan ang nail polish. Maaari nilang, ngunit hindi kinakailangan, gamitin ang mga nail palettes sa halip ng nail polish displays. Kung gagamitin nila, ang mga nail palette ay dapat na i-sanitize pagkatapos mahawakan ito ng bawat kliyente.

18. *Mga Nangungupahan*

Ang mga negosyong nagbibigay ng personal na serbisyo ay hindi dapat magpahintulot sa tao na nag-uupa ng espasyo mula sa negosyo (kung isang upuan, isang booth, o iba pa) na magsagawa ng anumang serbisyo sa pasilidad o sa loob ng pasilidad nito maliban kung (1) ang negosyo ay nagsasagawa ng mga obligasyong inilarawan sa Kautusan, sa Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao, at sa Direktiba na ito para sa taong iyon na parang ang taong iyon ay isang tauhan, at (2) ang taong iyon ay nagpirma ng isang pahayag sa form sa ibaba. Ang negosyo ay dapat magtago ng napirmahang pahayag para sa kanilang mga rekord at para sa kopya ng mga opisyal ng County kung ito ay hihilingin, at dapat magbigay ng isang kopya ng pahayag sa taong pumirma nito.

Ako, si [pangalan ng nangungupahan], ay nagkukumpirma na lubusan kong natingnan ang Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao na naaangkop sa [pangalan ng negosyo], ang Mandatoryang Direktiba para sa mga Negosyo sa Serbisyonang Pangangalagang Pansarili, at ang Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County ng Santa Clara na inilabas noong Hulyo 2, 2020; nauunawaan ko ang bawat isa sa mga dokumento; at sumasang-ayon ako na sumunod sa lahat ng mga kinakailangan na inilalarawan ng mga dokumento na naaangkop sa mga empleyado, mga kontratista, o iba pang mga tauhan. Mas naiintindihan ko at sumasang-ayon ako sa [pangalan ng negosyo] na dapat tiyakin na gumamit ako ng mga panakip sa mukha at iba pang personal na kagamitang pang-proteksyon at magbibigay ako ng mga panakip sa mukha sa mga kliyente, at maaaring kailanganin akong magbayad sa [pangalan ng negosyo] para sa aktwal na gastos para makakuha ng mga panakip sa mukha at personal na kagamitang pangproteksyon na para sa akin.

Pinatunayan ko sa ilalim ng parusa na bawal magsinungaling sa ilalim ng mga batas ng Estado ng California na ang nabanggit ay totoo at tama.

\_\_\_\_\_

Pirma

\_\_\_\_\_

Petsa

\_\_\_\_\_

I-print ang Pangalan

***Iba pang mga Hakbang na Inirerekumenda ng Opisyal ng Pangkalusugan***

Hindi kinakailangan ang mga sumusunod na pamamaraan, ngunit mariing inirerekomenda ng Opisyal ng Pangkalusugan:

- a. Nag-aalok ng mga itinalagang oras para sa mga kliyente na may edad na 50 pataas.
- b. Pag-iwas sa mga transaksyon na gumagamit ng aktwal na pera at nangangailangan ng eksaktong sukli kung di maiwasan ang pagbayad ng cash.
- c. Tumatanggap ng mga kliyente at kabayaran sa labas sa harap ng pasilidad.

- d. Gumamit ng teknolohiya upang magsagawa ng mga konsultasyon nang malayuan kaysa sa personal.
- e. Ang pag-upgrade ng sistema ng HVAC ng pasilidad upang mapabuti ang daloy at pagsala sa hangin.
- f. Magiging isang Certified Healthy Nail Salon ng Santa Clara County. Tingnan ang [www.sccgov.org/healthynails](http://www.sccgov.org/healthynails).

***Manatiling may Kaalaman***

Para sa mga sagot sa mga madalas na mga katanungan tungkol sa industriya at iba pang mga paksa, pakitingnan ang [pahina ng FAQ](#). **Pakitandaan na ang Direktibang ito ay maaaring ma-update.** Para sa kasalukuyang impormasyon sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan, bisitahin ang website ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng County sa [www.sccgov.org/coronavirus](http://www.sccgov.org/coronavirus).